

# Chapter , One

May, 2002...

*M*ay, 2002... Inihinto ni Sheridan ang scooter sa tapat ng brown picket fence at bumaba. Sinungkit niya ang latch sa kabilang side para makapasok at saka tinawid ang tatlong dipang lawak ng front lawn.

Bahay iyon ni Tatay Zandro, katiwala nila sa taniman ng kape. Nabanggit nitong nanganak na ang alaga nitong aso, at gusto niyang makita ang mga puppies.

Dumerecho siya sa likod-bahay kung saan naroon ang doghouse ni Goldilocks. Napangiti siya. Dalawang taon na mula nang mapulot niya si Goldilocks. Iyon ang ipinangalan niya rito dahil sa kulay ng balahibo

nito na parang mapusyaw na ginto. She wanted her as a pet, pero ayaw ng daddy niya. Gusto nitong itapon niyang muli ang aso.

Si Tatay Zandro ang umako sa pagpapalaki rito kasama ang pangakong puwede niya itong dalawin kahit anong oras niya gusto.

Malapit na si Sheridan sa doghouse nang may marinig. She tipped her head and strained her ears. May tumutugtog ng violin sa loob ng bahay. She stood there listening for a while.

There was such a smooth, flawless quality to the music, each note beckoning, like it was being played by a professional. She wasn't a fan of classical music. But right then, she was entranced.

The puppies totally forgotten, she walked to the back door. Marahan niyang itinulak ang hindi nakalock na pinto. Maliit lang ang bahay at nakita niya agad ang hinahanap.

Nakatalikod sa kanya ang lalaki, nakapatong sa kaliwang balikat nito ang isang lumang violin. His fingers moved with expert precision over the strings while his other hand drew the bow in a fluid, rhythmic manner. He held the instrument with ease, as if it was a part of him, an extension of his body.

Sheridan was captivated.

The guy shifted slightly, giving her a profile of his face. Alam na niyang matangkad ito at sa tantya niya ay hindi nagkakalayo ang edad nila.

He must be in his late teens or early twenties. Matangos ang ilong nito at pangahan. She couldn't decide on his lips and his eyes. Pero kahit anupaman ang hitsura nito, hindi maikakailang tumutugtog ito ng isang kahali-halinang musika.

Sumandal siya sa saradong pinto at ipinikit ang mga mata.

She could feel the emotion with every note played—a certain yearning, a fleeting sadness, hope... It was odd.

Hindi siya eksperتو sa musika. She didn't know one iota about orchestration and composition. But right then, for one moment, the music seemed to talk to her soul and she felt... free, connected.

Hindi namalayan ni Sheridan na napalakas ang pagbuntong-hininga niya nang matapos tumugtog ang lalaki.

“Sino ka?”

She opened her eyes and stared at the most expressive eyes she had ever seen.

“Uhm... a-ano kasi...” Napakamot siya ng ulo.  
“T-titingnan ko sana si Goldilocks, kaya lang narinig

kitang tumutugtog.”

He eyed her warily. Napalunok siya. Paano ba naman ay wala itong kangiti-ngiti. His square jaws and the deep cleft on his chin boasted of an inherent arrogance.

Hindi naman ito mukhang galit. Just curious.

“Kamag-anak ka ba ni Tatay Zandro?” tanong niya para mabawasan ang tensyon sa pagitan nila. “Ako nga pala si Sheridan. P’wede mo akong tawaging ‘Sheri.’”

Nagdalawang-isip siya kung makikipagkamay. But seeing that he was still holding his violin and bow, she decided to skip that part of proper decorum.

“Ikaw, ano’ng p-pangalan mo?”

“Vincent.”

“Vincent,” ulit niya, sabay ngiti. “Ang galing mong tumugtog ng violin.”

His cheeks colored faintly. “Narinig mo nang buo?”

Umiling siya. “H-hindi ko alam. Tumutugtog ka na nang pumasok ako. Ano nga pala ’yung tinugtog mo?”

“*Adagio in G minor*. Attributed siya sa eighteenth century Venetian master na si Tomaso Albinoni. Pero ang talagang nag-compose ng piyesa ay ang twentieth century musicologist at biographer na si Remo

Giazotto.”

Her mouth gaped open in amazement. Vincent's expression softened. His mouth curved into a smile.

“Huwag mo akong titigan nang ganyan. Hindi ako expert sa classical music.”

“Hindi ka pa expert sa lagay na 'yun?”

Bumunghalit ito ng tawa.

She clutched his arm absentmindedly, her eyes shining with open curiosity.

“May iba ka pa bang alam? I mean, p'wede ka bang tumugtug uli?”

Umarko ang isang kilay nito. “Gusto mong tugtugan kita?”

She nodded her head vigorously.

“May gagawin pa ako. May pinapatapos sa akin si Tiyo Zandro.”

She tugged at his arm. “Sige na, please? Kahit isa lang.”



Vincent didn't know what to make of her. Basta na lang itong pumasok nang hindi kumakatok. Kilala nito ang Tiyo Zandro niya.

She looked far from the destitute, neighboring farm girl who frequently visited his uncle for some food he could spare. Sheridan was decently and—

based from the quality of her attire and his limited sense in fashion—expensively dressed.

Sampung taon siya nang umalis silang mag-anak sa Santa Catalina. But it hadn't changed much in the almost ten years that he was gone.

Mabibilang pa rin sa mga daliri ni Vincent ang mayayamang pamilya na nagmo-monopolize sa primary source of livelihood sa bayan, ang pagtatanim ng kape.

Ang sinabi ng tiyo niya, ang pinakamalaking taniman ng kape ay pagmamay-ari ng kasalukuyang mayor ng lugar, si Mayor Adolfo Sanchez. Pag-aari rin nito ang halos lahat ng commercial establishments sa Santa Catalina at ilan sa karatig-bayan, kaya naman maituturing na ito ang pinakamayaman.

“Please? Kahit isa lang.” He stared at her face, at her round pleading eyes, the darkest chocolate he had ever seen.

“Gusto mo talagang tumugtog ako?”

“Oo.”

Hindi nagdadahilan si Vincent nang sabihin niyang may gagawin pa siya. Inutusan siya ng tiyuhi kanina na ayusin ang kulungan ng mga manok at linisin ang kural ng alaga nilang baboy.

Dapat ay kanina pa siya nagsimula. But he was

attacked by a bout of homesickness and the sudden urge to play his violin.

“Sige. Pero sa isang kondisyon.”

“Ano ’yun?”

“Na pagkatapos kong tumugtog, tutulungan mo ako sa pinapagawa ni Tiyo Zandro.”

“Sus! ’Yun lang pala. Walang problema. Tutulungan kita. Sige na, tumugtog ka na.”

Vincent gave her an incredulous look. Hindi man lang itinanong ng babae kung anong klaseng trabaho ang iniutos sa kanya ng tiyuhin.

And to use that tone on him considering they knew each other for about... five minutes, a lazy smile tugged the corners of his mouth and his eyes gleamed with amusement.

He tipped his head toward the living room. She squealed and clapped with glee. Nilagpasan siya nito at naupo sa sofa.

She never turned her gaze away from him. And when he started playing, the look on Sheridan’s face humbled him.

He considered himself a mediocre violinist. Pero sa hitsura ng babae, daig pa nito ang nanonood sa isang maestro. Somehow, her delight made him proud of himself.

Una niyang tinugtog ang violin cover ng *My Immortal* and then he transitioned into more classical pieces—Pachebel's *Canon in D* next to Debussy's *Claire de Lune* and *The Girl with the Flaxen Hair*. Nasa kalagitnaan siya ng *Kiss the Rain* ni Yiruma nang bumukas ang front door.

“Sheridan?” Nagpalipat-lipat ang tingin ni Tiyo Zandro sa kanya at kay Sheridan. Halata sa mukha nito ang gulat. “Narito ka lang palang bata ka.”

“Hinahanap na po ba ako ni Yaya? Nagpaalam ako sa kanyang titingnan ko lang si Goldilocks.”

Tumango ang matanda. “Nakilala mo na pala ang pamangkin ko.” Bumaling ito sa kanya. “Ikaw naman, nagawa mo na ba ’yung inuutos ko?”

Napangiwi si Vincent at napakamot ng ulo.

Hindi mahigpit ang kanyang Tiyo Zandro. At lalong hindi ito tutol sa hilig niyang tumugtog ng violin. Pero ang kabilin-bilinan lang nito, unahin muna niya ang ipinagagawa nitong trabaho. Bagay na hindi niya nasunod.

“Kasi, Tiyo—”

“Tatay, huwag n’yo nang pagalitan si Vincent. Gagawin na niya kanina ’yung inutos mo, kaya lang kinulit ko siyang tugtugan ako.” Naglalambing pang kumawit sa braso ng kanyang tiyuhin si Sheridan.

And for added effect, she pouted her lips which only made her look adorable.

“Hay naku, ikaw talagang bata ka!”

Ngumiti ito at kumindat pa sa kanya. Napailing na lamang siya.

“Vincent, ang mabuti pa'y—”

“Gawin na natin 'yung pinapagawa ni Tatay Zandro.”

Muntik na siyang bumunghalit ng tawa nang halos lumuwa ang mga mata ng kanyang tiyuhi sa gulat.

“Ano'ng sinabi mo, Sheridan?”

“Ang s'abi ko po, gagawin na namin ni Vincent 'yung inutos mo. Usapan namin 'yun kasi inistorbo ko siya.”

“Totoo ba ang sinabi niya?” nagdududang baling sa kanya ng tiyuhi. Tumango lang siya. “Ano ba'ng pumasok sa isip mo, Vincent?” Bago pa siya sumagot ay bumaling na ito kay Sheridan. “Alam mo ba kung ano'ng ipinagagawa ko?”

Umiling ang dalagita.

“Yun naman pala. Ang mabuti pa'y umuwi ka na. Hayaan mong si Vincent na ang mag-repair sa kulungan ng manok at maglinis ng kural ng baboy.”

Kitang-kita niya nang mamilog ang mga mata nito. And to his amazement, she glared at him.

“Pero hindi ho p’wede. Nangako ako sa kanya. At masamang sumira sa pangako, di ba?”

Tumaas ang isang kilay niya. Inaasahan niyang magpapaalam na ito. His uncle had given her a way out, after all.

“Halika na!” tawag ni Sheridan.

Pagkatapos niyang ibalik sa case ang violin ay hinawakan siya ng dalagita at hinila palabas ng kusina.

“Teka, ano’ng uunahin natin?”

“Sigurado kang gusto mo akong tulungan?”

“We had a deal, remember?”

Vincent studied her for a while. Halatang pamilyar ito sa likod-bahay ng kanyang tiyuhin. Pero duda siya kung marunong itong humawak ng mop o ng walis, lalo na ng martilyo.

Kahit saang anggulo niya tingnan si Sheridan, isa lang ang nakikita niya. Mayaman ito at sa pagkakaalam niya, walang mayaman na nag-repair ng kulungan ng manok at naglinis ng kural ng mga baboy.

Hindi na niya ito pinansin. Kinuha niya ang tool box at ang bamboo slats na nakapatong sa maliit na mesa malapit sa pinto.

Lumapit siya sa rectangular wooden frame na magsisilbing kulungan ng manok. Doon niya ipapako

ang mga slats. Dalawang kulungan ang kalalabasan niyon.

“Hindi ako marunong gumamit ng martilyo. Sige, ako na lang ang maglilinis ng kural ng baboy.”

“Ilabas mo muna ang mga baboy. Ikulong mo d'un.” Itinuro niya rito ang isang patag na espasyo ng lupa na napapalibutan ng bakod na kawayan.

She nodded enthusiastically.

He watched as she peeked inside the pen, wrinkled her nose and contemplated. Napailing na lamang si Vincent.

He took one slat and nailed it to the frame half-expecting her to bail out any moment. Pero sa pagkabigla niya ay nakita niyang binuksan ni Sheridan ang harang ng kulungan at tinawag ang inahing baboy na parang tumatawag ng isang aso.

Vincent stifled a chuckle. She was a persistent young woman, and a very refreshing one.

Inabala niya ang sarili sa ginagawa. Nasa pang-limang slat na siya nang marinig niya ang sigaw at ang hagikgik ni Sheridan. Lumington siya eksaktong dinamba nito ang isang biik na nagawa pa ring makawala.

Hindi na niya napigil ang sarili. Bumunghalit siya ng tawa.

The pretty little rich girl was playing tag with a piglet!

Binitiwan niya ang martilyo, tumayo at lumapit sa dalagita. Moments later, they were having fun.

